CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 22, 2020
Pakikipag-ugnay: Monique De La Garza, City Clerk, 562.570.6101, CityClerk@longbeach.gov

Inanunsyo ng City Clerk ang Awtomatikong Pagsasalin sa Espanyol para sa Mga Pagpupulong sa Konseho ng Lungsod ng Long Beach

Ang mga Paunang Kahilingan ay Hindi na Kinakailangan

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay nagsimulang magbigay ng interpretasyon sa Espanyol sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod sa totoong oras, kung saan ang mga paghiling para sa serbisyo ay hindi na kinakailangan. Ang impormasyon sa pag dial-in para sa interpretasyon sa Espanyol ay ilalagay sa homepage ng City Clerk sa araw ng bawat pagpupulong.

Tradisyonal na nagbibigay ang Lungsod ng mga serbisyo sa pagsasalin, kapag naunang hiniling, para sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod. Dahil sa epekto ng COVID-19 pandemya sa mga pagpupulong sa personal, ang Lungsod ay lumipat sa mga pagpupulong sa pamamagitan ng teleconferensya, at noong Agosto 2020, nagpatupad ang Opisina ng City Clerk ng teknolohiya upang muling simulang mag-alok ng mga serbisyong ito sa Espanyol, Khmer at Tagalog kapag hiniling. Noong Setyembre, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay bumoto na magbigay ng interpretasyon sa Espanyol sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod bilang isang karaniwang serbisyo, at sinama ito sa Badyet sa Piskal na Taong 2021.

Ang mga tao ay maaari pa ring humiling ng mga tagapagsalin sa Khmer at Tagalog sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Opisina ng City Clerk 24 oras bago ang pagpupulong, na may impormasyon sa pag dial-in upang makinig sa mga pagpupulong sa hiniling na mga wika na nai-post sa homepage ng City Clerk sa araw ng bawat pagpupulong.

Nananatiling nakatuon ang Lungsod sa pagalis ng mga hadlang sa wika upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga magagamit na serbisyo sa Lungsod. Alamin ang tungkol sa Patakaran ng Pag-access ng Wika. Para sa karagdagang impormasyon at

tulong sa paghingi ng mga serbisyo sa interpretasyon para sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, bisitahin ang website ng City Clerk sa longbeach.gov/cityclerk.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

###